

<Mga Gabay ng Serbisyong Voucher para sa Ina at Bagong silang na Sanggol>

1. Ang taga-paggamit na naabisuhan ng desisyon sa pagiging karapat-dapat sa voucher ay dapat na direktang pumili ng ahensiyang taga-pagbigay ng serbisyo at makipag kontrata.
 - Maaaring mag-apply ang mga taga-paggamit para sa serbisyo sa pamamagitan ng pagpili ng ahensiyang taga-pagbigay ng serbisyo na madaling gamitin kahit saan man ang kanilang tirahan.
 - * Paghahanap ng taga-pagbigay ng serbisyo sa rehiyon : Social service e-voucher (www.socialservice.or.kr)
 - Kung may mga makatwirang kadahilanan mangyaring hilingin ang pagpalit ng binigay na mangagawa o di kaya pagkatapos itermine ang kasalukuyang kontrata ay maaring magkaroon ng panibagong kontrata sa taga-pagbigay ng serbisyo.
2. Sa gumagamit, para hindi mapaliban sa suporta ng gobyerno sa oras na magpakonsulta sa tagapagbigay ng serbisyo ay mangyaring sabihin na ikaw ay isang taga-paggamit ng voucher.
3. Dapat bayaran ng taga-paggamit ang napagpasyahang halaga ng serbisyo mula sa kanilang bulsa sa taga-pagbigay ng serbisyo bago ang petsa ng pagsisimula ng serbisyo.
4. Batay sa patakaran ang panahon ng bisa ng voucher ay sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng kapanganakan. Mangyaring bigyang-pansin ang pagsasaayos ng panahon ng paggamit.
5. Ang panahon at oras ng serbisyo ng voucher at ahensya ay nasa baba ang mga sumusunod.

Panahon at Oras ng Serbisyo

- 5 araw sa 1 linggo, 9 na oras sa 1 araw (8 oras kung 2 manggagawa ang nagtatrabaho) patakaran (kabilang ang 1 oras na pahinga)
 - * (Halimbawa) 09 : 00~18 : 00(Oras ng pahinga 12 : 00~13 : 00)
 - * Ang oras ng tanghalian atbp. ay maaring gamitin bilang pahinga, ang pagkain ng binigay na mangagawa ay dapat ibigay ng ina(nanganak)
- Sa patakaran ang Sabado at Opisyal na pistang araw(Linggo, pambansang pistang araw, kapistahang araw(holiday) ay oras ng pahinga
- Kung ang ibinigay na serbisyong araw at oras ay magkaiba sa patakaran dahil sa hindi maiwasang personal na kadahilanan ng taga-paggamit at kapag nais itong ayusin, ay maayos ito sa pamamagitan ng pakikipagsundo sa tagapagbigay ng serbisyo(kailangang ilahad sa kontrata)
- Gayunpaman, kahit sa kasong ito ay hindi maibibigay ang serbisyo ng voucher sa pagitan ng oras mula 22:00~07:00

6. Ang panahon ng serbisyo ay nag-iiba depende sa uri ng bata at pagkakasunod-sunod ng kapanganakan. Maaaring pumili ang taga-paggamit ng alinman mula sa pinaikli, karaniwan, at pinahabang araw ng serbisyo para sa kani-kanilang uri ng panahon ng serbisyo.
 - Depende sa piniling panahon ng serbisyo, ang suporta ng gobyerno ay magkakaiba kaya ang dapat bayaran galing sa bulsa ay magkakaiba din kaya mangyaring suriin kung magkano ang dapat bayaran galing sa bulsa.

Pumili ng panahon ng serbisyo

Mga uri ng tulong		Panahon ng Serbisyo		
		Pinaikli	Karaniwan	Pinahaba
Solong sanggol	Panganay	5araw	10araw	15araw
	Pangalawa	10araw	15araw	20araw
	Pangatlo at higit pa	10araw	15araw	20araw
Kambal	Manggagawa 1 tao	10araw	15araw	20araw
	Manggagawa 2tao	10araw	15araw	20araw
Triplets at higit pa	Manggagawa 2tao	15araw	20araw	25araw

- * Ang pagkakasunod-sunod ng kapanganakan ng ina ay hindi batay sa bilang ng panganak, ito ay tumutukoy sa pagkasunod ng nasasabing bata sa pamilya o pagkasunod-sunod katulad ng panganay, pangalawa, pangatlo atbp
- * Sa kaso ng ina na may malubhang kapansanan kapag nanganak ng solong bata ito ay uri B, at kapag nanganak ng kambal at higit pa ay uri C ang nilalapat

- Mangyaring mag-ingat sa pagpili dahil pagkatapos pumirma ng taga-paggamit sa tapag-pagbigay ng serbisyo at naiparehistro ito ng taga-pagbigay ng serbisyo sa system ng electronic voucher welfare service at nagawa na ang voucher ay hindi na pwede mapalitan ang napiling panahon ng serbisyo.

7. Ang mga karaniwang binibigay na serbisyong voucher ng gobyerno ay katulad ng mga sumusunod sa ibaba:
- Ang taga-paggamit na nangangailangan ng karagdagang serbisyo maliban sa karaniwang serbisyo ay dapat magbayad ng karagdagang bayarin.

Mga Serbisyo para sa mga Ina	Mga Serbisyong Hindi kasama sa mga Karaniwang Serbisyo (Halimbawa ng karagdagang serbisyo)
<ul style="list-style-type: none"> - Pagsusuri sa pisikal na kalagayan ng ina - Pangangalaga sa dibdib, pangangasiwa ng edema pagkatapos ng panganganak, suporta sa himnastiko pagkatapos ng panganganak - Pangangasiwa ng nutrisyon ng ina at paghahanda ng pagkain - Suporta ng sitz bath, pangangasiwa sa kalinisan ng ina - Edukasyon para sa ina tungkol sa pagpapasuso, paggaling pagkatapos ng panganganak, pag-aalaga sa bagong silang - Pagtuklas at pagtugon sa emerhensiya - Paglilinis ng tirahan para sa ina-bagong silang na sanggol - Paglalaba ng damit at iba pa ng ina-bagong silang na sanggol - Konsultasyon at pakikipag-usap (conversational partner) 	<ul style="list-style-type: none"> ● Paglilinis maliban sa pangunahing tirahan ng ina-bagong silang na sanggol - Silid ng iba pang pamilya-palikuran, karaniwang espasyo (entrance, aklatan, dress room, veranda, imbakan, bintana, bakuran atbp), espasyo ng imbakan (lababo, refrigerator, aparador, kabinet ng mga pinggan at baso, kabinet ng mga sapatos atbp), paglilinis sa iba pang lugar na hindi karaniwang nililinis ● Paglalaba maliban sa mga damit at iba pa ng ina-bagong silang na sanggol - Paglalaba ng mga labahan ng ibang pamilya, mamahaling damit, malalaking labahan (kumot, kurtina, sapatos, bag, pana-panahong malalaking damit o seasonal clothes, naiipong mga labahin atbp)
Mga Serbisyo para sa mga Bagong Silang na Sanggol	<ul style="list-style-type: none"> ● Maliban sa ina-bagong silang na sanggol paghahanda ng mga pagkain para sa ibang mga miyembro ng pamilya-kamag-anak, maliban sa bahay paghahanda ng mga pagkain sa ibang lugar, pagkain para sa salu-salo (party), naka-imbak na pagkain (kimchi, sauces, pickles, atbp), mabuting pag-aasikaso sa mga bisita na mas higit pa sa pagbibigay ng tsa ● At iba pa <ul style="list-style-type: none"> - Paglilipat ng malalaki o mabibigat na muwebles o kasangkapan / bagay - Pag-aalaga sa mga nakakatandang anak o iba pang miyembro ng pamilya - Paghahati sa pagmamaneho - Pag-aalaga sa alagang hayop atbp
<ul style="list-style-type: none"> - Pagsusuri sa kalusugan ng bagong silang na sanggol - Paglilinis ng bagong silang na sanggol - Suporta sa pagpapasuso para sa mga bagong silang na sanggol - Pangangasiwa sa kalinisan ng bagong silang na sanggol - Suporta sa pagbabakuna - Pag-iwas sa impeksyon at pangangasiwa - Pagtuklas at pagtugon sa emerhensiya 	

8. Ang gumagamit ng serbisyo at ang manggagawa ay dapat igtalang at magkaroon ng tiwala sa pagkatao ng bawat isa, upang makatanggap at makapagbigay ng mahusay na serbisyo mangyaring sundin ang mga sumusunod.

Mga bagay na dapat sundin bilang isang gumagamit
<ol style="list-style-type: none"> ① Dapat igtalang ng mga gumagamit ang pagkatao at propesyonalismo ng mga tauhan ng serbisyo. ② Ang mga gumagamit ay dapat humiling ng mga serbisyo na hindi lumihis sa serbisyong nakalagay sa loob ng saklaw ng mga pamantayan ng serbisyo at sa nilalaman ng kontrata. <ul style="list-style-type: none"> * Maliban sa ina at bagong silang na sanggol, ang mga karagdagang serbisyo para sa ibang pamilya tulad ng suporta para sa pangangalaga-gawaing bahay atbp ay hindi kasama sa karaniwang serbisyo ng voucher, maaari lamang makahiling ng serbisyo kapag bumili ng mga karagdagang serbisyo. ③ Kapag humiling ng serbisyo ang mga gumagamit sa tauhan ng serbisyo ay dapat na malinaw, tiyak at magalang. ④ Mangyaring gumamit ng mga opisyal na tawagan (tagapamahala o manager atbp) para sa mga tauhan ng serbisyo. ⑤ Hindi ka dapat gumamit ng mga salita o kilos na maaaring makapanlait sa pagkatao gaya ng pagmumura, pisikal na karahasan atbp. <ul style="list-style-type: none"> * Kapag gagawin ang pisikal na karahasan at ang pagmumura ay hindi lang mapahinto ang serbisyo ay kung hindi ay maaari ding mapatawan ng parusang kasong sibil-kriminal. <div data-bbox="295 1686 1297 1843" style="border: 1px solid black; padding: 10px; margin: 10px 0;"> <p style="text-align: center;"><Mga kategorya ng berbal-pisikal na karahasan></p> <ul style="list-style-type: none"> ● (Berbal na karahasan) pagmumura, pananakot, pagbabanta atbp <ul style="list-style-type: none"> * Ang "Ya.", "Hoy." atbp ay maaaring maging isang tunog ng walang galang na pagtawag na nakapanlalait ng pagkatao ● (Pisikal na karahasan) pagtulak, paghawak sa kuwelyo, mahigpit na paghawak, pananampal, pangangagat, pagdudura, pananakal, pagtatapon ng mga bagay, panununtok o paninipa, panunutok ng kutsilyo, mga lebel na gawaing nakakamatay tulad ng pananaksak atbp. </div> <ol style="list-style-type: none"> ⑥ Ang mga sekswal na panliligalig o sekswal na karahasan na maaaring magdulot ng sekswal na kahihyan ng mga tauhan sa serbisyo ay hindi dapat gawin. Lalo na ang mga hindi kinakailangang pisikal na pagdidikit o labis na pagkalantad, ang mga sekswal na biro at iba pang gawain na nakakasama ng loob ay nabibilang sa sekswal na panliligalig. <ul style="list-style-type: none"> * Kung ang sekswal na panliligalig ng mga gumagamit ng serbisyo at ng pamilya ay nahayag, ang mga tauhan ng serbisyo ay maaaring tumanggi na magbigay ng serbisyo, depende sa antas ayun sa "Espesyal na batas tungkol sa parusa atbp sa krimen ng sekswal na karahasan" ay maaaring maparusahan ng diskwalipikasyon sa paggamit ng serbisyo at iba pa.

— <Mga Kategoriya ng Sekswal na Panliligalig•Sekswal na Karahasan> —

- (Sekswal na panliligalig sa paningin) Bastos na larawan•publikasyon, sekswal na pagkilos/asta (gesture), labis na paglalantad ng katawan
- (Berbal na sekswal na panliligalig) Maruming usapan, mga salita o biro na nagpapahiwatig ng sekswal na gawi
- (Pisikal na sekswal na panliligalig) pagdikit/paghawak sa mga sekswal na bahagi, pagyakap, paghaplos, pangmomolestiya, paggahasa
- (At iba pa) Mga salita o kilos na maaaring magdulot ng sekswal na kahihiyan o pagkasuklam sa mga pamantayan ng lipunan tulad ng pagpapakita ng pornograpiya o hikayatin na kasamang manood, pagpilit na makipag-date o samahan, pagpilit na tagayan ng alak sa inuman at iba pa.

Ⓢ Pakisunod ang mga nakatakdang oras sa pagsisimula at pagtatapos ayun sa nakalagay sa kontrata, tiyakin na ang oras ng pahinga ng tauhan (sa loob ng laraw loras)ay malayang makapagpahinga mula sa trabaho.

Para sa mga katanungan na may kaugnayan sa paggamit ng serbisyo ○○○Tagapagbigay ng serbisyo(Telepono 000-0000, Homepage www.abc.co.kr)